COVID-19 na mga Gawad na Relyebo sa Upa (Rent Relief Grants)

Mga tanong at sagot

Ano ang gawad na relyebo sa upa (Rent Relief Grant)?

Ang Pamahalaang Victoria ay nagtatag ng $80 milyong pondong tulong sa upa para sa mga taong umuupa ng kanilang tirahan.

Ang pondo ay makukuha ng mga taga-Victoria na nawalan ng kita dahil sa pandemyang coronavirus (COVID-19).

Ang mga taga-Victoria na nahihirapan sa pagbabayad ng kanilang upa ay maaaring karapat-dapat para sa gawad na hanggang $3,000.

Sino ang karapat-dapat para sa gawad na Rent Relief Grant?

Upang maging karapat-dapat para sa gawad, kailangan mong:

- makipagkasundo sa iyong kasero o nagpapaupa sa pagbawas ng upa at magparehistro ng bagong kasunduan sa pangungupahan sa Consumer Affairs Victoria. Kung hindi kayo magkasundo ng nagpapaupa sa iyo maaari kang humingi ng tulong sa Consumer Affairs Victoria
- dapat ang iyong kita ay mas mababa sa $1,903 kada linggo
- at dapat mas mababa sa $10,000 ang iyong ipon.

Walang mga kahingian (requirements) na pagkamamamayan o permanenteng paninirahan para sa mga aplikante.

Paano ako mag-aaplay para sa gawad?

Kung ikaw ay nagparehistro ng iyong bagong kasunduan sa pangungupahan sa Consumer Affairs Victoria, maaari kang mag-aplay para sa Rent Relief Grant sa online sa pamamagitan ng <https://rentrelief.covid19.dhhs.vic.gov.au/>.

Para saan maaaring gamitin ang gawad?

Kung naaprubahan ang iyong gawad, ang kabayaran ay ipadadala nang direkta sa nagpapaupa sa iyo bilang kredit sa iyong mga kabayaran sa bagong kasunduan sa pangungupahan.

Saan ako makakahanap ng karagdagang impormasyon?

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19 Rent Relief Grant, bisitahin ang <https://www.housing.vic.gov.au/help-renting/rentrelief>

Para iparehistro ang iyong bagong kasunduan sa pangungupahan o humingi ng tulong mula sa Consumer Affairs Victoria, bisitahin ang <https://www.consumer.vic.gov.au/resources-and-tools/advice-in-a-disaster/coronavirus-covid19-and-your-rights/renting-rules-and-support-during-the-moratorium>

Kung kailangan mo ng tulong ng interpreter sa alinmang impormasyon sa itaas, tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS National) sa 131 450.

Awtorisado at inilathala ng Pamahalaang Victoria, 1 Treasury lugar,Melbourne.

© Estado ng Victoria, Australya, Department of Health and Human Services, Setyembre 2020.